



## **PAHAYAG SA MEDIA**

**PARA SA AGARANG PAGLALATHALA:** Nobyembre 17, 2021

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann - 415.760.0285

### **Distrito ng Hangin, nakipag-areglo sa Valero**

*Refinery, na magbabayad ng \$191,500 para sa mga paglabag na may kaugnayan sa kalidad ng hangin*

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito sa Pamamahala ng Kalidad ng Hangin ng Bay Area na nakipag-areglo ito hinggil sa 14 na Paunawa ng Paglabag laban sa Valero Refining Co., na nagkakahalaga ng \$191,500 para sa mga paglabag sa Benicia Oil Refinery nito.

Ibinigay ang mga Paunawa ng Paglabag sa kumpanya dahil sa hindi pagsunod sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin sa pasilidad nito sa Benicia noong 2017.

“Lubos na sineseryoso ng Distrito ng Hangin ang anumang paglabag sa kalidad ng hangin sa isang refinery sa Bay Area,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa pamamagitan ng pakikipag-areglo na ito, natitiyak na tatanggapin ng Valero ang responsibilidad nito para sa pagsunod sa lahat ng lokal, pang-estado, at pederal na regulasyon sa kalidad ng hangin, at hindi nito ilalagay sa peligro ang pampublikong kalusugan o lokal na kalidad ng hangin.”

Kasama sa mga paglabag na tinutugunan sa kasunduang ito ang:

- Dalawang paglabag para sa labis na nakikitang emisyon
- Apat na paglabag para sa pagtagas ng tangke, pagtagas ng balbula, pagtagas sa isang heat exchanger, at puwang sa tangke
- Isang paglabag para sa langis sa bubong ng tangke
- Isang paglabag sa mga lamat sa balbula na may hindi wastong analyzer
- Isang paglabag sa puwang sa pagkakaselyo
- Isang paglabag sa hindi pagsasagawa ng mga pang-araw-araw na inspeksyon
- Dalawang paglabag para sa kabuuan ng 13 open ended na linya
- Isang paglabag para sa paglampas ng mga limitasyon sa NOx
- Isang paglabag para sa paglampas ng mga limitasyon sa CO

Ang lahat ng paglabag na humantong sa pakikipag-areglo na ito ay naitama na.

Nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng Mga Paunawa ng Paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang kailangang tumugon sa paunawa sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para itama ang problema. Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang agarang pagpapatigil ng ilang operasyon o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aareglo ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Distrito ng Hangin tulad ng inspeksyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aareglo na ito.

[Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Distrito ng Hangin Communications Office  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Distrito ng Hangin Homepage](#) | [News Releases](#)*